Espesyal na Halalan sa Agosto 2024

Pamplet para sa Mga Botante ng Deschutes County sa Wikang Tagalog

Pamplet para sa Mga Botante

Agosto 27, 2024 Espesyal na Halalan

Ang Pamplet na ito para sa Mga Botante ay inilaan upang bigyan ang mga botante ng karagdagang impormasyon tungkol sa panukalang-batas na ito. Ang iyong balota ay maglalaman lang ng mga isyu na kung saan kwalipikado kang bumoto, batay sa kung saan ka nakatira. Nakalimbag ang teksto ng panukalang-batas at mga pahayag tulad ng naisumite.

Mga Lokasyon ng Lugar para sa Pagsumite ng Balota

Bukas sa Biyernes, Agosto 9: Bukas nang 7 araw sa isang linggo,

Araw ng Halalan, Martes, Agosto 27: bukas hanggang 8 pm

Bend
Sentro para sa Mga Serbisyo ng Deschutes (Deschutes Services Center)
1300 NW Wall St. Bend
(Walk-up at Drive-through sa panlabas na mga Drop Box na matatagpuan sa kanlurang bahagi ng gusali)

La Pine
Pampublikong Aklatan ng La Pine (La Pine Public Library)
16425 1st, La Pine
(Matatagpuan ang box sa 1st St at Huntington Rd)

Sisters
Munisipyo ng Sisters (Sisters City Hall)
520 E Cascade Ave, Sisters
(Matatagpuan ang box sa harap ng Munisipyo)

Ipadala ang iyong binotohang balota sa sobreng ibabalik na may marka ng pagbayad sa koreo bago mag-**8 pm, Martes, Agosto 27, 2024**. Huwag kalimutang lagdaan ang iyong sobre ng balota. Ang mga balotang ipinadala sa koreo, na namarkahan ng Serbisyo sa Koreo ng Estados Unidos (United States Postal Service USPS) pagdating ng 8 pm sa Araw ng Halalan at natanggap ng opisina ng Kawani pagsapit ng Setyembre 3, 2024 ay tatanggapin.

Opisina ng Kawani ng County, 1300 NW Wall St, Suite 202 (2nd Floor), Bend

Lunes hanggang Biyernes, 8 am hanggang 5 pm | Araw ng Halalan, 7 am hanggang 8 pm

— Mayroong mga Nakalaang Booth para sa Pagboto —

Impormasyon sa Pagboto

Pag-rehistro para Makaboto

Upang maging kwalipikadong bumoto sa Espesyal na Halalan sa Agosto 27, 2024, dapat na may marka ng koreo ang isang nakumpletong kard ng rehistrasyon ng botante pagdating ng Martes, Agosto 6, 2024.

Upang mag-rehistro para makaboto sa Oregon, ikaw dapat ay:

1. Isang residente ng Oregon.
2. Isang mamamayan ng Estados Unidos.
3. Hindi bababa sa 18 taong gulang pagsapit ng Araw ng Halalan.

Dapat mong i-update ang iyong rehistrasyon kung:

1. Nagbago ang iyong address ng tirahan o address para sa koreo.
2. Nagbago ang iyong pangalan.
3. Nais mong baguhin ang iyong kaalyadong partido.

Mahalagang Tandaan: Kung lumipat ka o nagbago ang iyong pangalan at hindi mo pa na-update ang iyong rehistrasyon, kwalipikado ka pa ring bumoto. Tawagan ang Tanggapan para sa Halalang Pang-county ng Deschutes (Deschutes County Elections Office) sa (541) 388-6547 o mag-email sa elections@deschutescounty.gov para sa higit pang impormasyon.

Makipag-ugnay sa:

Tanggapan para sa Halalang Pang-county ng Deschutes (Deschutes County Elections Office)
(541) 388-6547 Deschutescounty.gov/elections elections@deschutescounty.gov
1 (866) ORE-VOTES (se habla Español) www.oregonvotes.gov
TTY 1 (800) 735-2900

Pagtatatuwa (Disclaimer):

Ang impormasyong ibinigay sa mga pahayag o pangangatwiran ng isang kandidato, isang partidong pampolitika, isang kapulungan ng mga manghahalal, o isang taong sumusuporta o sumasalungat sa isang panukalang-batas ay hindi pa nabeberipika para sa katumpakan ng Deschutes County.

Mga botante na may kapansanan:

Kung kailangan mo ng tulong sa pagboto o pagsumite ng iyong balota, tawagan ang Tanggapan para sa Halalang Pang-county ng Deschutes (Deschutes County Elections Office) sa (541) 388-6547. Maglalaan kami ng dalawang tauhan para tulungan ka sa pagboto. Maaari mo ring awtorisahan ang isang kaibigan, miyembro ng pamilya, o iba pang pinagkakatiwalaang tao, na hindi kasapi sa iyong tagapag-empleyo o unyon, na tulungan ka.

May maida-download na audio edition ng Pamplet para sa mga Botante sa ating website. Maaari ding mag-order ang mga botante sa pamamagitan ng pagkontak sa Independent Living Resources sa (503) 232-7411, info@irl.org, o TTY (503) 232-8408.

Mga Tagubilin sa Pagboto

Maglalaman ang iyong Pakete ng Balota ng mga sumusunod na bagay:

- Nakaimprentang balota
- Lalagdaan ang sobreng ibabalik na may marka ng pagbayad sa koreo
- Pamplet para sa mga Botante

Suriin ang iyong opisyal na balota at bumoto gamit ito:

Suriin ang iyong opisyal na balota at hanapin ang pupunang bilog para sa kandidato o panukalang-batas na iyong napili para sa bawat labanan. Upang bumoto, dapat mong ganap na punan ang bilog (⬬) sa tabi ng iyong mga napili gamit ang bolpen (itim o asul na tinta). Huwag gumamit ng felt tip pen.

Suriin ang iyong balota:

Tiyaking namarkahan mo nang tama ang iyong napili para sa bawat labanan. Ang iyong opisyal na balota ay maaring maglaman ng mga labanan/panukalang-batas na nakalathala sa magkabilang pahina ng iyong balota.

Maghandang ibalik ang iyong balota:

Ilagay ang iyong balota sa sobreng ibabalik na may marka ng pagbayad sa koreo. Titiyakin ng tauhan ng halalan ang paglihim ng iyong balota. Basahin ang pahayag ng botante sa sobreng ibabalik at lumagda sa kahon para sa lagda.

Paglagda ng iyong sobre para sa pagbalik ng balota:

Hindi bibilangin ang iyong balota kung hindi nilagdaan ang sobreng ibinalik. Ang bawat lagda ay kinukumpara sa lagda sa file noong nagparehistro at dapat na tumugma ang lagda para mabilang ang balota.

Ibalik ang iyong balota:

- **Sa pamamagitan ng koreo:** Ibalik ang iyong balota gamit ang iyong nilagdaan at selyadong sobre para sa pagbabalik ng balota. Hindi kailangan ng selyo. Ipadala ang iyong binotohang balota nang hindi lalampas sa Martes, Agosto 27, 2024. Ang mga balotang ipinadala sa koreo, na namarkahan ng Serbisyo sa Koreo ng Estados Unidos (United States Postal Service USPS) pagdating ng 8 pm sa Araw ng Halalan at natanggap ng opisina ng Kawani pagsapit ng Martes, Setyembre 3, 2024 ay tatanggapin.
- **Saanmang opisyal na lugar ng drop box:** Ihatid ang nilagdaan at selyadong sobre para sa pagbalik ng balota sa isang opisyal na lugar ng drop box nang hindi lalampas sa 8 p.m. sa Araw ng Halalan. Hindi kailangan ng bayad sa koreo.

Tandaan, suriin ang magkabilang pahina ng iyong balota. Ang ilang balota ay maaaring may mga labanan/panukalang-batas sa magkabilang pahina.

Paano Isumite ang Iyong Boto

1. **Kumpletuhin ang iyong balota**
    - Upang bumoto, ganap na punan ang bilog sa tabi ng iyong napili gamit ang panulat (itim o asul na tinta). Huwag gumamit ng felt tip pen.
    - Upang bumoto sa isang taong wala sa balota, punan ang bilog sa tabi ng linya para sa "write-in" (pagsasama ng pangalan) pagkatapos ay maayos na isulat ang pangalan ng tao sa inilaang linya. Huwag isulat ang pangalan ng kandidato na nakikita na sa balota.
    - Hindi mo kailangang botohan ang lahat ng labanan. Bibilangin pa rin ang mga iboboto mo.
2. **Suriin kung may mga mali**
    - Kung bumoto ka nang higit sa mga opsyon na pinahihintulutan, ang iyong boto **ay hindi mabibilang** para sa labanang iyon.
    - Kung nagkamali ka sa iyong balota, maaari mong gawin ang iyong mga pagbabago sa balota. Guhitan ng linya ang buong pangalan ng kandidato o tugon sa panukalang-batas. Pagkatapos ay maaari kang pumili ng iba.
    - Makipag-ugnayan sa Tanggapan para sa Halalang Pang-county ng Deschutes (Deschutes County Elections Office) sa (541) 388-6547 para humiling ng pamalit na balota kung:
        - nagkamali ka na hindi mo maaaring itama
        - ang iyong balota ay nasira o namarkahan nang hindi tama
        - nawala ang balota mo
3. **Ipasok ang balota at lagdaan ang iyong sobre para sa pagbalik ng balota**
    - Ipasok lamang ang iyong binotohang balota (hindi ang balota ng ibang tao) sa loob ng iyong sobre para sa pagbalik ng balota. *(Kung makatanggap kami ng isang sobre na may higit sa isang balota sa loob, ang lahat ng nakapaloob na balota ay tatanggihan at hindi mabibilang).*
    - Dapat mong lagdaan ang iyong sobre para sa pagbalik ng balota, kung hindi ay **hindi mabibilang ang iyong boto.**
    - Ang lagda sa bawat sobre para sa pagbalik ng balota ng botante ay bineberipika kung pareho sa lagda ng botanteng nasa file. Dapat magkatugma ang mga lagda bago mabilang ang isang balota. Kung nagbago ang iyong lagda, paki-update ang iyong rehistrasyon bilang botante.
4. **Ibalik ang iyong balota**
    - **Sa pamamagitan ng koreo:** Ibalik ang iyong balota gamit ang iyong nilagdaan at selyadong sobre para sa pagbalik ng balota. Hindi kailangan ng bayad sa koreo. Ipadala ang iyong binotohang balota nang hindi

lalampas sa Martes, Agosto 27, 2024. Ang mga balotang ipinadala sa koreo, na namarkahan ng Serbisyo sa Koreo ng Estados Unidos (United States Postal Service USPS) pagdating ng 8 pm sa Araw ng Halalan at natanggap ng opisina ng Kawani pagsapit ng Martes, Setyembre 3, 2024 ay tatanggapin.

- **Saanmang opisyal na lugar ng drop box:** Ihatid ang nilagdaan at selyadong sobre para sa pagbalik ng balota sa isang opisyal na lugar ng drop box nang hindi lalampas sa 8 p.m. sa Araw ng Halalan. Hindi kailangan ng bayad sa koreo.

Panukalang Batas 9-171 – Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito ng Black Butte Ranch (Black Butte Ranch Rural Fire Protection District)

Limang taong Lokal na Opsyon na Ipapataw na Buwis para sa Mga Operasyon kaugnay ng Sunog at Emerhensiya.

Tanong: Dapat bang magpataw ang Distrito ng $2.00 kada $1000 ng tinasang halaga sa loob ng limang taon para sa pangkalahatang operasyon simula 2025-2026?

Ang panukalang-batas na ito ay maaaring magdulot ng pagtaas ng mga buwis sa ari-arian nang higit tatlong porsyento.

Buod: Maipapasa lamang ang panukalang-batas na ito sa isang halalang may bilang ng bumoto na hindi bababa sa 50 porsyento.

Ang Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito ng Black Butte Ranch (Black Butte Ranch Rural Fire Protection District) (ang "Distrito") ay nagbibigay ng mga serbisyong pamatay-sunog at medikal na pang-emerhensiya sa mga residente 24 na oras bawat araw, 7 araw bawat linggo. Ibinibigay ang mga serbisyo ng pinagsamang mga binabayarang kawani at boluntaryo.

Kung pagtibayin, ang panukalang-batas na ito ay maglalabas ng lokal na opsyon na ipapataw na buwis kaugnay ng rentas sa operasyon na nagkakahalaga ng $2.00 kada $1000 ng tinasang halaga sa loob ng limang taon, simula Hulyo 1, 2025. Ang kasalukuyang ipinapataw na buwis na $1.76 kada $1000 ng tinasang halaga ay magwawakas sa Hunyo 30, 2025, at sa pagwawakas nito ay papalitan ng ipapataw na buwis na ito.

Ang mga rentas mula sa ipinapataw na buwis na ito sa operasyon ay magbibigay-daan sa distrito upang patuloy na suportahan ang taunang gastos para sa 24/7 na mga operasyon kaugnay ng serbisyong pamatay-sunog at medikal na pang-emerhensiya sa pamamagitan ng pagpapanatili ng kasalukuyang mga antas ng serbisyo. Ang permanenteng antas ng buwis ng Distrito ay sumasaklaw sa humigit-kumulang 45% ng badyet ng Distrito. Tutustusan ng ipinataw na buwis na ito at ibang mga mapagkukunan ang natitirang 55%. Kung walang mga pondo mula sa lokal na opsyon na ipinapataw na buwis, kailangang magbawas ng Distrito sa parehong mga serbisyo at antas ng serbisyo.

Makalilikom ang iminungkahing halaga ng humigit-kumulang $1,638,480 sa 2025-2026, $1,687,635 sa 2026-2027, $1,738,264 sa 2027-2028, $1,790,412 sa 2028-2029, at $1,844,124 sa 2029-2030 na may kabuuang $8,698,915.

Pagpapaliwanag na Pahayag

Ang Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito ng Black Butte Ranch (Black Butte Ranch Rural Fire Protection District) (ang "Distrito") ay nagbibigay ng mga serbisyong pamatay-sunog at medikal na pang-emerhensiya sa mga residente 24 na oras bawat araw, 7 araw bawat linggo. Nagbibigay ang Distrito ng mga serbisyo sa pag-apula ng sunog (istraktura at kagubatan), medikal na pang-emerhensiya, pagtanggal ng mga indibidwal na nakulong sa sasakyan (vehicle extrication) at pag-iwas sa sunog para sa 3 square miles na bumubuo sa Black Butte Ranch. Bukod pa rito, nagbibigay ang mga tauhan ng Distrito ng pinalawak na panligtas-buhay na mga serbisyo para sa medikal na pang-emerhensiya, pagtanggal ng mga indibidwal na nakulong sa sasakyan (vehicle extrication) at mga serbisyong paghahatid ng ambulansya sa ating Lugar ng Serbisyo ng Ambulansya (Ambulance Service Area ASA) na may higit 12 square miles.

Ang Distrito ay may siyam na empleyado, kabilang ang tatlong (3) Bumbero-Paramedic, tatlong (3) Shift Captain-Paramedic, isang Katulong na Pinunong Bumbero, isang Pinunong Bumbero, at isang Assistant na Pang-administratibo. Ang Distrito ay mayroon ding ilang Boluntaryong Residente at paminsan-minsan ay kumukuha ng seasonal, part-time na tagatulong, at pansamantalang mga empleyado.

Ang misyon namin ay pangalagaan ang buhay at ari-arian ng ating komunidad sa pamamagitan ng kahusayan sa pag-apula ng sunog, medikal na pangangalagang pang-emerhensiya, pampublikong edukasyon, at propesyonal na pag-unlad. Nakatuon kaming makipagtulungan sa ating mga kasama sa serbisyong pamatay-sunog upang matiyak ang pinakamataas na antas ng serbisyo para sa lahat ng mamamayan at bisita ng ating natatanging komunidad.

Ang kasalukuyang permanenteng antas ng buwis ay $1.4677 kada $1000 ng tinasang halaga ng ari-arian sa Distrito. Iminungkahi ng Distrito ang isang lokal na opsyon na ipapataw na buwis upang madagdagan ang badyet nito para sa mga operasyon. Ang lokal na opsyon na ipapataw na buwis ay $2.00 kada $1000 ng tinasang halaga ng ari-arian. Para sa isang bahay na may tinasang halaga na $550,000, ang tinatayang taunang gastos ay humigit-kumulang $1100 kada taon o mga $91.67 kada buwan.

Papalitan ng ipapataw na buwis na ito ang kasalukuyang ipinapataw na buwis na magwawakas sa Hunyo 30, 2025 na $1.76 kada $1000 ng tinasang halaga ng ari-arian, na magdudulot ng isang netong pagtaas na $0.24 kada $1000 para sa isang $550,000 bahay na magreresulta sa tinatayang taunang pagtaas na humigit-kumulang $132.00 kada taon o mga $11.00 kada buwan.

Nililimitahan ng Konstitusyon ng Oregon ang taunang pagtaas ng pinakamataas na tinasang halaga ng isang ari-arian sa tatlong porsyento sa nakaraang taon ng pagbubuwis. Dahil halos naabot na ng Black Butte Ranch ang hangganan nito sa konstruksiyon, kakaunti o wala nang paglago sa mga rentas sa buwis mula sa bagong konstruksiyon o pagpapalawak. Ang gastos ng Distrito sa mga operasyon ay mas mabilis na lumalaki kaysa sa anumang pagtaas sa mga rentas sa buwis sa ari-arian. Sa bilis ng paglaki ng mga operasyon kumpara sa mga tinasang halaga ng ari-arian, kasabay pa ng bahagyang paglago, hindi kayang panatilihin ng Distrito ang kasalukuyang antas ng serbisyo nito batay sa mga kasalukuyang pinagmumulan ng rentas.

Ganap na popondohan ng lokal na opsyon na ipapataw na buwis na ito ang kasalukuyan nating pinakasapat na paglagay ng mga tauhan (minimum staffing) at mga operasyon sa loob ng limang taon at maiiwasan ang pagbawas o pagtanggal ng mga serbisyo. Kung walang mga pondo mula sa lokal na opsyon na ipinapataw na buwis na ito, mapipilitan ang Distrito na bawasan ang serbisyo at mga antas ng serbisyo.

Isinumite ni: Dan Tucker, Black Butte Ranch RFPD

Panukalang-Batas 9-172 – Espesyal na Pandistritong Lansangan #8 ng Deschutes County (Deschutes County Special Road District #8)

Limang Taong Lokal na Opsyon na Ipapataw na Buwis para sa Mga Pagpapabuti ng Kalsada ng Distrito.

Tanong: Dapat bang magpataw ang Distrito ng buwis na $2.80 kada $1000 ng tinasang halaga sa loob ng limang taon simula 2024-25 para magsagawa ng mga pagpapabuti ng kalsada? Ang panukalang-batas na ito ay maaaring magdulot ng pagtaas ng mga buwis sa ari-arian nang higit tatlong porsyento.

Buod: Maipapasa lamang ang panukalang-batas na ito sa isang halalang may bilang ng bumoto na hindi bababa sa 50 porsyento. Nilikha ang Espesyal na Pandistritong Lansangan #8 (Special Road District #8) para isagawa ang mga pagpapabuti ng kalsada na pinopondohan ng mga pagtatasa sa 556 na ari-arian ng distrito. Tinutustusan ng pangkalahatang pondo ng Distrito ang mga gastusin sa operasyon, insurance, mga pagsasaayos ng kalsada, pagbabawas ng kalsada (grading), pag-alis ng niyebe, mga karatulang pangkaligtasan at pagkontrol sa trapiko, lupang nalinis para hindi daanan ng sunog (fire break)/itinalagang lugar na pinaiigting ang kaligtasan (safety corridor) para sa 10.85 milya na kalsada.

Mahigit 20 taon na ang nakalipas mula nang magdagdag ng latag na graba sa mga kalsada. Ang mga gastos sa graba at fuel ay tumaas nang husto sa nakalipas na tatlong taon. Tinataya ng Distrito na nasa $800,000 ang gastos para sa latag na graba at pagsinsin (compaction) ng 10.85 milya na kalsada. Ang kasalukuyang permanenteng antas ng buwis ng Distrito ay nakalilikom ng humigit-kumulang $90,000 taun-taon. Upang makagawa ng mga kinakailangang pagpapabuti ng kalsada, nagmumungkahi ang Distrito ng ipapataw na buwis na $2.80 kada $1000 ng tinasang halaga para sa limang magkakasunod na taon simula 2024-25. Magbibigay-daan ang ipapataw na buwis na ito para mayroong sapat na rentas ang Distrito upang ayusin ang lahat ng kalsada ayon sa tamang inklinasyon (grade), magkabilang gilid (crown), at latag na graba.

Tinatayang makalilikom ang panukalang-batas na ito ng humigit-kumulang $160,754 sa 2024-25, $166,379 sa 2025-26, $172,203 sa 2026-27, $178,228 sa 2027-28, at $184,467 sa 2028-29. Ang kabuuang tinatayang rentas ay $862,031.

Karagdagang impormasyon sa ating website sa RD8.SpecialDistrict.org.

Pagpapaliwanag na Pahayag

Nilikha ang Espesyal na Pandistritong Lansangan #8 (Special Road District #8)("Distrito") para isagawa ang mga pagpapabuti ng kalsada na pinopondohan ng mga espesyal na pagtatasa sa mga pinakikinabangang ari-arian. Tinutustusan ng pangkalahatang pondo ng Distrito ang mga gastusin sa operasyon, insurance, mga pagsasaayos ng kalsada, pagbabawas ng kalsada (grading), pag-alis ng niyebe, mga karatulang pangkaligtasan at pagkontrol sa trapiko, lupang nalinis para hindi daanan ng sunog (fire break)/itinalagang lugar na pinaiigting ang kaligtasan (safety corridor) para sa 10.85 milya na kalsada sa loob ng Distrito.
Nakatutulong ang mga kalsada ng Distrito sa matinding trapiko mula sa mga residente, kalapit na residente ng Distrito, at mga taong dumaraan sa lugar ng BLM at Deschutes River sa bandang Kanluran natin. Sa pagpapanatili ng maayos na mga kalsada, kailangan ang regular na paglalagay ng graba. Hindi na naglagay ng graba ang Distrito sa lahat ng kalsada nang mahigit 20 taon. Bukod pa rito, humihiling ang mga residente sa loob ng Distrito na magkaroon ng aplikasyon sa pagkontrol ng alikabok.

Noong nabuo ang Distrito, itinakda ng Tagatasa sa Buwis ng Deschutes County (Deschutes County Tax Assessor) ang permanenteng antas ng buwis na $1.6239 kada $1000 ng tinasang halaga ng buwis. Ang halagang ito ay permanenteng halaga na maaari lamang baguhin sa pamamagitan ng pag-apruba ng mga tao ng Estado ng Oregon sa pagboto sa isang halalan sa buong estado. Sa pagtaas ng mga gastos sa graba, fuel, at malalaking makinarya, tinataya ng Distrito na nasa $800,000 ang gastos para sa latag na graba at pagsinisin (compaction) ng 10.85 milya na kalsada sa Distrito. Ang kasalukuyang permanenteng antas ng buwis ng Distrito ay nakalilikom ng humigit-kumulang $90,000 taun-taon. Upang magdagdag ng latag na graba sa lahat ng kalsada ng Distrito, iminumungkahi ang ipapataw na buwis na $2.80 kada $1000 ng tinasang halaga para sa limang magkakasunod na taon simula 2024-25.

Ang panukalang-batas na ito ay tinatayang makalilikom sa pagitan ng $160,750 at $184,500 kada taon na tinatayang may kabuuang rentas na $860,000 sa loob ng limang taon. Magbibigay-daan ang panukalang-batas na ito sa Distrito upang bumili ng graba at magbayad para sa paglatag, pagpison, at pagsinsin (compact) ng ating mga kalsada nang may tamang inklinasyon (grade) at magkabilang gilid (crown). Makatutulong ito para maiwasan ang mga malalaking labak, lubak, at pagkasira ng kalsada. Maaari ding magbigay-daanang rentas para sa pana-panahong aplikasyon ng mga produkto sa pagkontrol ng alikabok. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang website ng Distrito: https://rd8.specialdistrict.org/

Isinumite ni: Melanie Butler, Kalihim, Lupon ng Mga Direktor, Espesyal na Pandistritong Lansangan #8 (Special Road District #8)